

WARM-UP

- Ibahagi ang isa sa mga pambihirang bagay na nagawa mo noong nag-aaral ka. Ano tungkol dito ang lubos mong ipinagmamalaki?
- Kailan ang huling pagkakataon na ikinasaya mo ang isang bagay na pinaghirapan mong makuha? Ano ang ginawa mo?
- Naranasan mo na bang mawalan ng isang bagay na pinahahalagahan mo. Ano ang nangyari?

WORD *Sabihin mo sa mga mayayaman sa mundong ito na huwag silang maging mayabang o umasa sa kayamanan nilang madaling mawala. Sa halip, umasa sila sa Diyos na nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay na ikasisiya natin.*

1 TIMOTEO 6:17

May mga mayayamang tao sa sinaunang iglesia, at hindi sila hinatulan dahil sa kanilang kayamanan. Bagkus, sa pamamagitan ng sulat na ito, inatasan ni Apostol Pablo si Timoteo na sabihan silang umasa sa Diyos at hindi sa kanilang yaman. Ito rin ay totoo para sa atin ngayon. Maaari tayong maging mayabang hindi lamang dahil sa ating pera kundi dahil sa ating mga kakayahan at abilidad. Maaari tayong magkaroon ng maling pinagkukunan ng seguridad. Anuman ang ating pinansyal na katayuan, kailangan nating huminto sandali at itanong sa ating sarili ang mga katanungang ito upang makita natin kung saan tayo nagtitiwala.

1 | Paano naapektuhan ng pera ang pagtingin mo sa buhay?

Sabihin mo sa mga mayayaman sa mundong ito na huwag silang maging mayabang . . . **1 TIMOTEO 6:17**

Maaari tayong magtiwala sa ating kakayahan dahil sa taglay nating kayamanan. Subalit hindi nito tiyak na ipinapakita kung ano ang kondisyon ng ating mga puso. Hindi lahat ng naghihirap ay mapagpakumbaba at hindi lahat ng may kayamanan ay mayabang. Ayon sa Kawikaan 21:4, *ang mapagmataas na tingin at palalong isipan ay kasalanan*. At dahil ang kasalanan ay hindi nakalulugod sa Diyos, kailangan nating talikuran ang ganitong mga pag-uugali. Sa halip, dapat tayong magpakumbaba dahil alam natin na ang Diyos (at hindi ang ating sarili) ang pinagmumulan ng ating seguridad. Paano ito nakikita sa buhay mo?

2 | Saan ka nagtitiwala?

. . . o umasa sa kayamanan nilang madaling mawala. Sa halip, umasa sila sa Diyos. . . **1 TIMOTEO 6:17**

Sinasabi ng kasulatan na ang kayamanan ay walang katiyakan at hindi tayo dapat umasa dito. Hindi mananatili sa atin habambuhay ang anumang taglay natin ngayon. Ang isang karamdaman, sakuna, maling desisyon, at iba pang mga bagay ay sapat na upang baligtarin ang ating mga sitwasyon. Ayon, sa Kawikaan 23:5, kung itutuon natin ang ating pansin sa kayamanan, ito ay *madaling mawawala at tila may pakpak na lilipad sa kalawakan tulad ng isang agila*. Sa halip, dapat tayong magtiwala at umasa sa Diyos lamang. Ikuwento ang isang pagkakataon kung kailan ipinagkatiwala mo sa Diyos ang iyong pananalapi. Ano ang ipinakita sa iyo ng Diyos tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng sitwasyong ito?

3 | Paano nagkakaloob ang Diyos para sa iyo?

... na nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay na ikasisiya natin.

1 TIMOTEO 6:17

Minsan iniisip natin na mas malapit tayo sa Diyos kung tayo ay naghihirap. Ang mas malala pa rito ay maaaring maisip natin na nais ng Diyos na tayo ay magdusa sa kahirapan upang mapalapit tayo sa Kanya. Subalit, malinaw na sinsabi sa Kasulatan na ang Diyos ay *nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay*—na nais Niyang ibigay para sa *ikasisiya natin*. Sa katunayan, ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Jesus bilang sakripisyo upang makamit natin ang pinakadakilang biyaya—ang buhay na walang hanggan. Dala nito ang katiyakan na *ibibigay din Niya sa atin ang lahat ng bagay* (Mga Taga-Roma 8:32). Anuman ang ating sitwasyon, maaari tayong magtiwala na ibibigay ng Diyos anuman ang kailangan natin, at maging ang mga bagay na nais natin, ayon sa Kanyang kagustuhan. Paano tinutustusan ng Diyos ang ating mga pangangailangan? (Mga Taga-Filipos 4:19)

APPLICATION

- Ayon sa Deuteronomio 8:18, ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng *kakayahang maging mayaman*. Nagtiwala ka ba sa sarili mong kakayahan o abilidad upang kumita? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang maalala ang Kanyang kabutihan at angkinin ang Kanyang ipinagkakaloob?
- Mayroon ka bang kaibigan na nahihirapan sa pananalapi? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang hikayatin siya na magtiwala sa Diyos?
- Kilalanin ang tatlong kaibigan o kapamilya na maaari mong kausapin tungkol sa pagkakaroon ng kasiguruhan sa Diyos at sa Kanyang mga pangako. Maglaan ng oras ngayong linggo upang makipagkita sa kanila at ipanalangin sila.

